**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Ganoon ho ba? Sino ho ba ang nagsabi sa inyo na international terrorist o pinaghihinalaan lang siyang international terrorist? Sino ho ba ang nagsabi sa inyo?

**MR. MATOBATO.** Si Lascañas, ma'am, iyong hinuli namin sa itaas ng palengke ng Samal Island Garden Soil—Sa Island Garden City of Samal.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Si Lascañas ang nagsabi na si Sali Makhdum ay international terrorist?

**MR. MATOBATO.** Opo, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Naniwala po kayo doon?

**MR. MATOBATO.** Opo, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Okay. Iyong pagpatay kay Sali Makhdum, pinaninindigan ninyo ba iyon na mayroon kayong pinatay na tao na ang pangalan "Sali Makhdum"?

**MR. MATOBATO.** Opo, ma'am, kasi pinaylan (file) ako ng kaso, ma'am, ng kidnapping kang Sali Makhdum. Hindi ko sila tinuro. Parang inako ko rin. Pinaylan (file) ako sa NBI.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Mayroon ho bang records noon?

**MR. MATOBATO.** Mayroon, ma'am. Mayroong record sa ...

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Ikaw ang kinasuhan doon sa pagdukot kay Sali Makhdum?

**MR. MATOBATO.** Oo, ako ang kinasuhan, ma'am. Opo, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** We will also request, in due time, the subpoena. Pero iyon na nga ho iyong advice ko sa inyo, alalahanin ho ninyo nang husto kung anong taon po ito para hindi po kami nalilito kung kasi nga kailangan nga ho talagang maaano kung nagsasabi po kayo ng totoo o hindi. Hindi ho ba?

**MR. MATOBATO.** Opo, ma'am.

**THE CHAIRPERSON (SEN. DE LIMA).** Okay. So next—

**SEN. ANGARA.** Thank you, Madam Chair.

Magandang tanghali po sa ating lahat. Magandang tanghali, Edgar. Sabi ninyo kayo po ay 57 at sumali kayo sa CAFGU noong 1982. So 23 years old po kayo noon noong sumali kayo ng CAFGU?

**MR. MATOBATO.** Opo, sir.

**SEN. ANGARA.** Sa Davao po ba kayo pinanganak?

**MR. MATOBATO.** Oo.

**SEN. ANGARA.** Sa Davao rin kayo lumaki?

**MR. MATOBATO.** Opo.

**SEN. ANGARA.** Ano'ng tinapos ninyo po? Saan kayo nag-aral, sa Davao din po?